Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 74

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

******************

# KAPASIYAHAN BLG. 378
## Serye ng 2023

**KAPASIYAHAN** NA NAGPAPAHAYAG NG PAGKILALA SA PAMANTASAN NG LUNGSOD NG MAYNILA PARA SA KANILANG IPINAMALAS NA KAHUSAYAN SA NAGANAP NA "PSYCHOLOGISTS AND PSYCHOMETRICIANS LICENSURE EXAMINATIONS" NOONG IKA-1 AT 2 NG AGOSTO 2023, KUNG SAAN HINIRANG ITO BILANG "TOP 2 PERFORMING SCHOOL" NA MAY PASSING RATE NA 98.97% AT APAT SA SAMPUNG NANGUNA SA PAGSUSULIT

MGA PANGUNAHING MAY AKDA:

**KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL**

at

**KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**
Punong Mayorya

SAPAGKAT, ang Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) ay isang pampublikong institusyon na nilikha at inorganisa sa ilalim ng Republic Act 4196: "An Act Authorizing the City of Manila to Establish and Operate the University of the City of Manila and for Other Purposes", kung saan nahirang ito bilang pangunahing institusyon at unibersidad na nasa ilalim ng pamamalakad ng lokal na pamahalaang lungsod;

SAPAGKAT, sa pagpapahalaga at pagbibigay ng dekalidad na edukasyon, integridad at responsibilidad sa lipunan, ang institusyon ng PLM ay patuloy na nagpapakita ng kahusayan sa bawat pagsusulit para sa lisensya sa pamamagitan ng patuloy na pagpapaunlad ng programang akademiko;

SAPAGKAT, noong ika-1 at 2 Agosto 2023, ginanap ang Psychometricians Licensure Examination sa National Capital Region, Baguio, Cagayan de Oro, Cebu, Davao, Iloilo, Koronadal, Legazpi, Lucena, Pampanga, Rosales, Tacloban, Tuguegarao at Zamboanga;

SAPAGKAT, sa 8,370 na kumuha ng pagsusulit para sa Psychometrician Licensure Examination, 6,133 rito ang pumasa, ayon sa inihayag ng Professional Regulation Commission (PRC);

SAPAGKAT, sa 6,133 na pumasa, 96 sa kanila ay kabilang sa mga nagtapos mula sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) sa ilalim ng kursong Bachelor of Science in Psychology at nagbigay daan upang makamit ang 98.97% na porsyento ng mga pumasa mula sa institusyon at higit na nalampasan ang pangkalahatang passing rate na 73.27%;

SAPAGKAT, ang taon na ito ay maituturing na isa na namang kahanga-hangang pangyayari para sa PLM, pagkamit ng pambihirang pangkalahatang porsyento ng mga pumasa mula sa institusyon;

SAPAGKAT, kabilang sa porsyento ng mga pumasa mula sa PLM ang 4 na hinirang na topnotchers na nagkamit ng mataas na grado sa sinabing pagsusulit;

SAPAGKAT, ang mga hinirang na "topnotchers" sa pagsusulit para sa lisensya ay ang mga sumusunod;

| | |
|---|---|
| Rachel Faye Nuñez | 88.40% - Top 4 |
| Audrey Jorge Angeles | 88.20% - Top 5 |
| Jenicca Denise Livara | 87.60% - Top 8 |
| Wilyane Eunice Go | 87.40% - Top 9 |

SAPAGKAT, ang institusyon ng PLM at ng kanilang mga estudyante ay nagbigay at patuloy na nagbibigay ng karangalan sa Lungsod ng Maynila kaya nararapat lamang na bigyan ng pagkilala: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapahayag ng pagkilala sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila para sa kanilang ipinamalas na kahusayan sa naganap na "Psychologists and Psychometricians Licensure Examinations" noong ika-1 at 2 ng Agosto 2023, kung saan hinirang ito bilang "Top 2 Performing School" na may passing rate na 98.97% at apat sa sampung nanguna sa pagsusulit; at mangyaring MULI

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) at sa apat na "topnotchers" ng naturang Licensure Examinations.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "YUL SERVO" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/eys